# Tunay na ang mga nagpapakamakatarungan ay sa piling ni Allāh sa mga pulpito ng liwanag sa dakong kanan ng Pinakamaawain (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) – at ang kapwa mga kamay niya ay kanan

Ayon kay `Abdullāh bin `Amr (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Tunay na ang mga nagpapakamakatarungan ay sa piling ni Allāh sa mga pulpito ng liwanag sa dakong kanan ng Pinakamaawain (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) – at ang kapwa mga kamay niya ay kanan. [Sila] ang mga nagmamakatarungan sa hatol nila, mga mag-anak nila, at tinangkilik nila."
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang mga humahatol (o nagpapatupad) ng katarungan at karapatan sa mga tao na nasa ilalim ng pamumuno nila, pamamahala nila, at mga alagad nila ay uupo sa mga mataas na angat na upuan na nilikha mula sa isang liwanag, bilang pagpaparangal sa kanila sa Araw ng Pagbangon. Ang mga pulpitong ito ay nasa dakong kanan ng Napakamaawain. Ang kapwa mga kamay ni Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) ay kanan.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee